Republic of the Philippines
CIVIL SERVICE COMMISSION
*Para sa taumBAYAN*

Patalastas Bilang. 64, s. 2015

# PATALASTAS

**SA : LAHAT NG PINUNO NG MGA INSTITUSYONG KONSTITUSYONAL, MGA KAGAWARAN AT AHENSIYA SA PAMAHALAANG PAMBANSA AT LOKAL, MGA KORPORASYONG PAG-AARI AT KONTROLADO NG PAMAHALAAN, AT PAMAHALAANG PAMANTASAN AT KOLEHIYO**

**PAKSA : Sertipikong Programa sa Pambansang Pagsasanay sa Batayang Antas ng Pagsasalin (Unang Serye)**

Ang Komisyon sa Wikang Filipino ay magdaraos ng **Sertipikong Programa sa Pambansang Pagsasanay sa Batayang Antas ng Pagsasalin (Unang Serye)** sa 11-12 Nobyembre, 2015 sa Bangko Sentral ng Pilipinas, A. Mabini St., Malate Maynila. Pangunahing layunin ng pagsasanay ang matipon ang mga tagasalin at lahat ng may kakayahang magsalin hindi lamang sa Filipino kundi sa iba pang katutubong wika ng Filipinas, gayundin sa wikang Ingles, Español at iba pang wikang banyaga. Itinuturing na pambansa ang pagsasanay sapagkat ang pipiliing tagasalin na mapapabilang sa binubuong registry ng tagasalin ay magmumula sa iba't ibang rehiyon ng bansa.

Bubuuin ng dalawang antas ang pagsasanay na isasagawa para sa akreditasyon ng Komisyon sa Wikang Filipino. Ang unang bahagi ng programa ay ang batayang antas para sa mga baguhan o nagsisimula pa lamang sa larangan ng pagsasalin. Ang ikalawang bahagi nito ay ang antas intermedia na ibinibigay para sa mga nakapasa sa antas batayan at mga may karanasan na sa pagsasalin.

Malugod na hinihikayat ang pakikilahok ng mga kinauukulan o mga kinatawan ng ahensya ng gobyerno upang madagdagan, at maisapanahon ang kanilang mga kaalaman na makatutulong sa pagpapabuti ng kanilang gampanin sa paghahatid ng kaalamang pangmadla, gaya ng: mga editor, manunulat, mananaliksik, iskolar, at iba pa.

May kaukulang butaw na Dalawang Libong Piso (PHP2,000.00) para sa rehistrasyon kasama ng seminar kit, sertipiko, at pagkain ng mga kalahok (2 tanghalian, 4 merienda). Hindi kasama ang akomodasyon.

Limitado ang bilang ng aanyayahan para sa unang serye. Hinihikayat na magpatala ng maaga at ikumpirma ang pagdalo bago 16 Oktubre 2015. Para sa reserbasyon, detalye at iba pang impormasyon, tumawag o makipag-ugnayan sa tanggapan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa telepono blg. (02) 736-2525 lokal 107 o sa mobile phone blg. 09343148801/ 09062707104 o sa email address : komfil.gov@gmail.com.

**ROBERT S. MARTINEZ**
Acting Chairman

OCT 09 2015